

# 1

Tatlumpung minuto nang nag-iikot si Seth habang sakay ng kotse niya sa kung saanmang lupalop iyon ng Quezon City, ngunit hindi niya talaga matagpuan ang bahay na kailangan niyang puntahan.

“Number 53... saan na ba’ng lintik na bahay na iyon?” Umiinit na ang ulo niya, sumasabay sa init na isinasabog ng may kataasan na ring araw nang umagang iyon.

Pangalawa ay bahagi pa nga ba ng trabaho niya ang hanapin kung saan nagpalipas ng gabi ang rebeldeng anak ng kanyang amo? Kailangan niyang kumbinsihin ito na sumama sa kanya sa opisina dahil gusto itong makausap ng ama. *’Langya! Messenger na, driver pa!*

Huminga si Seth nang malalim upang maibsan kahit papaano ang pagkainis na nararamdaman. Hindi niya maintindihan kung bakit sa dinami-dami ng empleyado ni Don Jorge Miranda ay siya pa ang naatasan ng kaaya-ayang gawaing iyon.

*We’re in the age of information technology, for crying out loud!* reklamo niyang muli. Bakit ba

kasi hindi na lang tawagan ni Jorge ang anak at papuntahin sa opisina? *Ano ba iyon? Baby? Hindi marunong mag-taxi?*

Kilala ni Seth ang anak ng matandang don, pero matagal nang panahon ang lumipas nang una niya itong makilala. At hindi siya siguradong kilala pa siya nito. Madalang pa kasi sa total solar eclipse kung dumalaw ito sa opisina. Wala itong nakikilala roon kundi si Clarisse, ang long-time executive assistant ni Jorge, at si Tino, ang long-time driver ng pamilya.

“O, bakit hindi si Tino?” tanong niyang muli sa hangin. Hindi niya talaga maintindihan, pero, ano pa nga ba ang magagawa niya? It was an order from the boss.

“Okay... 59... 57...” Ipinagpatuloy ni Seth ang kanyang ginagawa. Sa pangatlong pagkakataon, dahan-dahan niyang ipinaandar ang kotse sa makitid na kalyeng iyon. “...55 ...51! Anak ng kamote! Nasaan na ba iyon?” gigil niyang tanong sa sarili.

Nagulantang siya sa mabibilis at malalakas na katok sa bintana ng kanyang kotse. Pakiramdam niya’y aatikihin siya sa puso sa pagkagulat *Damn it!* Sumabog na ang init ng ulo niya. Galit na ibinaba niya ang bintana at sinigawan ang babaeng nakatayo sa labas ng kotse. “Ano ba!”

“Anong ‘ano ba’ ? You’re blocking my driveway, Mister!” balik-sigaw nito, mukhang mainit din ang ulo.

“Driveway? Anong driveway?” bato niya sa kasigawan na kaagad tumuro sa isang maliit na gate na hinaharangan ng kotse niya.

May garahe nga sa loob, ngunit napakaliit niyon para sa isang kotse. Bisikleta siguro o di kaya ay motorsiklo... Noon naalala ni Seth na big-bike rider nga pala ang anak ni Jorge. Noon din lang niya napansin ang numerong nakapinta sa frame ng gate, na bahagyang natatakpan ng malagong bougainvilleae. Number 53... iyon nga ang hinahanap niya kanina pa. Lihim siyang napamura.

Muli niyang nilingon ang babaeng nakatayo pa rin sa tapat ng bintana ng sasakyan niya; patuloy siyang pinanlilisikan nito ng mga mata. Ramdam na ramdam niya ang unti-unting pagkaubos ng dugo sa kanyang mukha nang makilala niya ang babae—si Yasmin Miranda, ang anak ng kanyang amo.

“Puwede mo na bang iurong ang kotse mo? Good! Thank you!” dere-derechong sabi nito, bago mataray na lumakad pabalik sa motorsiklo na nakahimpil sa likuran ng kotse.

Pinaabante niya ang kanyang sasakyan, sinigurong sa pagkakataon ito ay wala na siyang hinarangan na driveway. Hinabol niya si Yasmin na mabilis na naisara ang gate.

“Yasmin!” tawag niya bago pa nito maikandado ang gate. Kitang-kita ni Seth ang pagkabigla sa mukha ng babae nang marinig ang pangalan nito. “Uh... hi, I’m Seth. Seth Apacible,” aniya.

Tiningnan lang siya nito, ang mga mata ay nang-iinis.

“I work for your dad,” patuloy niya. *C’mon... I’m sure you remember...*

Sumeryoso ang mga mata nito, at medyo tumagal ang pagkakatingin sa kanya. Nang maglaon ay nakita niyang nagbago ang tingin sa mga mata nito. Dali-dali nitong ikinandado ang gate, at patakbong tumungo sa pinto ng bahay.

“Puwede mong tawagan si Clarisse! She can vouch for me!” habol niya. Alam ng nabanggit na babae ang mission niya sa araw na iyon. Surely, she would vouch for him. Effective naman ang sinabi niya dahil muling lumapit si Yasmin sa gate.

“May I.D. ka?” usisa nito.

*Are you serious?* Gusto niyang isipin na isa lamang iyong biro. Ngunit mahahalatang hindi ito nagbibiro. Noon na muling nagsimulang kumulo ang dugo ni Seth. Hindi na niya pinilit itago ang pagkainis nang kunin niya ang driver's license mula sa kanyang wallet at iabot iyon sa dalagang masungit.

“Hello, Tita Clarisse... Si Yasmin po...” anito sa cellphone na hawak.

Hindi niya namalayan na nai-dial na pala nito ang number sa opisina. Mabuti iyon para sa kanya, dahil sa dami ng kapalpakan niya for the last forty-five minutes, he thought only Clarisse could help him now.

“. . . tanong ko lang po kung may driver kayong Seth Apacible ang pangalan?”

*Driver!* Lumaki ang mga mata niya sa narinig. *Tinawag mo 'kong driver?* Pakiramdam niya ay hindi na niya kakayanin ang pang-iinsultong ginagawa ni Yasmin sa kanya; at ang pagtawag nito sa kanya bilang a driver was the last straw!

Matalim ang tingin sa kanya ng dalaga habang nakikinig sa kausap sa kabilang linya. Hindi naglaon ay ibinaba nito ang tingin. Hindi na kailangang pagtakhan iyon ni Seth. “I see,” anito sa kausap. “Sige

po, thank you.”

Muli nitong ibinaling sa kanya ang tingin at huminga nang malalim. “So... what have I done to deserve the honor of your presence, Mr. Apacible?”

Pinalampas na ni Seth ang sarcasm na iyon. He couldn't help feeling smug, gayong alam na ni Yasmin kung sino siya. “Your father sent me to find you. I have to take you to him for lunch at the office.”

Hindi ito nabigla. Sa halip ay ngumisi ang dalaga. “Will you lose your job if you fail in this mission?”

He thought she sounded hopeful. *Sorry to disappoint you, Princess. But I'm someone your dad will never live without.* “Maybe,” unaffected na sagot niya.

Nagkibit-balikat ito. “Then, you can go now. Sabihin mo na lang na di mo kinaya ang katigasan ng ulo ko. My dad will understand. He knows me.” Tumalikod ito upang pumasok na ng bahay.

“Miss Miranda . . .” habol ni Seth, in his coldest, business-like tone. Tumigil ito at muli siyang hinarap. “I never give up. If I have to drag you out of this place—kicking and screaming—I'll do it. Your dad will understand. He knows me.”

“Alam mo bang dalawang oras pa lang ang tulog

ko?”

*Oops! Panic attack. Good.* “Yeah, I can see that!” Siya naman ang nagpakita ng sarcasm. Sa hitsura ni Yasmin, obvious na may matindi itong hangover. “But you can sleep in the car. It’s a long drive to Alabang, anyway.”

“Pambihira!” Bakas na sa mukha ni Taray ang pagkatalo sa usaping iyon. Parang gusto na nitong umiyak. And Seth started congratulating himself for a job well done. “Can I, at least, have a shower first?” tanong nito.

“Sure,” aniya. *Hay, salamat! Makakalilim na rin!*

Matapos buksan ang gate, tumalikod ang babae patungo sa pinto ng apartment. Sumunod ang binata. Ngunit tumigil ito at muli siyang hinarap. Ngumisi ito, parang demonyita. “You do realize that this is a studio-type apartment. It’s very small.”

“Okay lang,” sagot ni Seth.

“I do everything here—sleep, cook, eat, wash and—”

“Huwag ka nang mahiya. Okay lang.”

Natawa si Yasmin, and he could swear he saw red flames in her eyes. “That means, I can’t let you in.”

“Ano?” It was his turn to panic. “Paghihintayin mo ‘ko rito sa labas? Baka hindi mo alam na ang init-init!”

She shrugged. “I never let *anyone* into my apartment. Kung gusto mo, umalis ka na. Sabihin mo na lang sa tatay ko na hindi mo ‘ko nahintay kasi mainit.”

*Maldita!* “I’ll wait in the car,” gigil niyang sagot.

Habang naglalakad patungo sa pinto, ngumiti ito nang matamis sa kanya. “Gusto mo ng coffee?”

“No, thank you.” *Lintik! Ang init na nga!*

“Ice-cold soft drinks, gusto mo?” Nilagyan nito ng lambing ang tinig.

*Now, you’re talking!* “Yes, thank you.”

Bumalik ang ngising demonyita nito nang makapasok na ng bahay. At bago isara ang pinto, tumuro ito sa tapat. “Ayun, o. May tindahan, pumili ka ng inumin.” At tumatawang isinara nito ang pinto.

---

“Leche na lalaki ‘yun! Ang yabang! Akala mo kung sino! Ano ngayon kung siya ang C.O.O. ng kompanya? Wala siyang karapatang magyabang sa ‘kin! Isusumbong ko siya kay Papa! Humanda siya!”



litanya ni Yasmin habang isinasara ang lahat ng bintana.

Sandali siyang naupo sa kama upang ikalma ang sarili. *Yasmin, ligo lang ang katapat niyan!*

Hindi na bago sa kanya ang ipasundo ng papa niya sa mga drivers kapag gusto siya nitong makausap. Ngunit palaisipan sa kanya ang kakaibang pangyayari sa araw na iyon. If her dad wanted to see her, he himself or Tita Clarisse would call her ahead. Pero wala siyang natanggap na tawag o text message man lang. Her dad would normally send Mang Tino, or any of the company drivers she knew to pick her up. *But why send the COO this time? Why send this guy, of all people?*

Mangilan-ngilan lang sa mga empleyado ng kanyang papa ang kilala niya. Hindi niya gustong nagpupunta sa opisina. Unang-una, malayo. Pangalawa, ano ang business niya roon?

She had always inhibited herself from involving in her father's business. Business was one thing she would never learn to appreciate. Iba ang interest ni Yasmin—musika. Kaya kahit anong pilit ni Jorge na aralin niya ang ins and outs ng negosyo, hindi niya talaga pinansin. Iyon ang dahilan kung umalis siya ng bahay nila nang makatapos sa kolehiyo. Dahil

music lover siya, nagtrabaho bilang lead guitarist sa bandang *Brainiacs-in-Metal*.

Actually, hindi masabi ni Yasmin na independently nga siyang namumuhay. Paano niyang masasabi iyon gayong ang kanyang ama pa rin ang nagbabayad ng rent at bills niya? In other words, at twenty-seven years old, she was a spoiled ‘palamunin.’ Nakabukod nga lamang siya.

Katakut-takot na argumento ang namagitan sa kanila ni Jorge bago ito napagod at pumayag din, sa wakas, na mamuhay siyang mag-isa. Siyempre, may kondisyon; iyon ay ang susulpot siya kapag siya ay ipinatawag.

Masunuring anak si Yasmin, in fairness. Sumasama naman siya sa drivers tuwing siya ay susunduin para ihatid sa opisina. But then again, she would bully the kind-hearted drivers to take her to their house instead. Ngunit duda siya kung mabu-bully niya ang Seth Apacible na ito.

Still dripping after a cold shower, she decided to take a peek at the guy. Dahan-dahan, bahagya niyang hinawi ang kurtina upang sumilip sa labas. Umiinom ito ng mineral water at nakasandal sa motorsiklo niya. Hindi ito nag-abang sa kotse. Mas malilim kasi sa garahe.

*Seth. Of course, I remember you. How could I forget?* She studied him closely. It had been a long time since she saw the guy, and she noticed how much he'd changed. Neat dresser na ito ngayon, at hindi na mukhang promdi na farmhand gaya nang huli niya itong nakita.

*Kung sabagay, sa posisyon niya ngayon, dapat lang. My God! You're my dad's COO?* Yasmin panicked in her mind when the truth finally dawned on her. *Paano? Kailan pa?*

Muling tumungga ng tubig ang lalaki, and this time, he slightly brushed his tongue on his upper lip. That made her blink. The guy had winner lips! “Wow...” bulong niya, na tila narinig ni Seth, dahil bigla itong lumingon sa bintana. *Oops!* Kaagad niyang binitiwang ang kurtina at lumayo sa bintana. *Damn it!*

Ngunit hindi nagtagal ay muli niyang natagpuan ang sarili roon—like some strange and very powerful force lured her toward the window, and move aside the dainty curtains once more. Sa pangalawang pagkakataon, sinilip niya ang lalaki, at nakita niyang nakayuko itong nakangiti sa direksyon niya. Pilyo at may bahid ng kayabangan. *Ang yabang mo, ha! Humanda ka!*

---

Jorge Miranda was the owner and CEO of *Prime Brew Coffee Co.*, a coffee manufacturing and trading company, which he'd founded ten years ago.

Hindi pa siya katandaan. He was only forty-nine, and still very much at his prime. Guwapo at simpatiko. Ngunit hindi na siya nag-asawang muli pagkatapos na mamatay ang asawa.

He and Ysabel had both believed in the idea of big families, at ayaw nilang lumaki si Yasmin na malungkot at nag-iisa. Maraming beses nilang sinubukang magkaanak muli, at maraming beses na rin silang nabigo. It wasn't until Yasmin was fourteen years old when his wife got pregnant again.

Naging maselan ang pagdadalantao ni Ysabel, at iyon ang dahilan ng pagkamatay ng sanggol na lalaking dinadala nito. And the extreme sorrow that came upon the loss of her child eventually caused her passing months later. This tragic loss of their loved ones caused the father and daughter to somehow grow apart.

"Yasmin..." he whispered his daughter's name as he studied her picture on his executive desk in his office. He missed her. Matagal na silang hindi nagkikita, at sa isip niya, *Enough is enough!* Hindi na niya mapapayagang magtagal pa ang ganoong

sitwasyon. She was his only child; the only heir to his booming coffee company. Kailangan na ni Yasmin na mapag-aralan ang negosyo, sa ayaw nito at sa gusto.

That was easy for Jorge to say, but not as easy to accomplish. Aminado siyang na-spoil niyang masyado si Yasmin, palibhasa nag-iisang anak. And he'd given her everything she wanted. Huli na nang napagtanto niyang mali ang kanyang nagawa. *I really hope it's not too late.*

But he also knew that was a rather tall order, as Yasmin had always been insufferably headstrong—so like her mother. Alam niyang kailangan niyang gumawa ng paraan para mapasunod ang dalaga sa kanyang gusto. And he knew what his daughter needed was a strong hand to push her. Nakakahiya man aminin na sa kabila ng imahe niya bilang isang shrewd businessman, alam ni Jorge na hindi niya kayang gawin ang bagay na iyon sa kanyang anak; that a simple smile from his daughter instantly melted his heart.

He needed someone Yasmin couldn't bully around; someone as insufferably headstrong as she was. At wala na siyang iba pang maisip na tao para sa gawaing iyon kundi si Seth.

Seth had been his most trusted man in the

company for many years. He had a good eye for analyzing problems, making decisions in solving them, and it would always turn out that he was right. He was an excellent leader—like an army general leading his men in battle.

And, most important thing, Seth never kissed ass. He would always tell him straight to his face whenever he was wrong, or when he's simply being a dirty, old son of a bitch. Walang duda si Jorge na magagawa ni Seth ang nararapat na maturuan si Yasmin sa lahat ng bahagi ng negosyong iyon. She had to learn.

*Kamusta na kaya sila?* he wondered, as he remembered the first task on the *Project Yasmin* he'd given to Seth: ang puntahan ito sa Quezon City at dalhin sa opisina. Alam niyang magkakaproblema ang binata sa gawaing iyon, pero alam din niyang magagawa nito ang ipinag-utos niya. Hindi lamang niya mawari kung paano. Bahagya siyang natawa sa palaisipang iyon. Both smart, both tough, and both stubborn, he knew Seth and Yasmin would clash.

Tumingin si Jorge sa kanyang relo; twelve fourteen na ng tanghali. He'd planned for a simple but special lunch with Yasmin in his office. Ayos na ang lahat, ang dalaga na lang ang hinihintay. Ngunit

hindi niya maiwasang mapaisip, *What's taking them so long?*

Ayaw niyang isiping nabigo si Seth sa mission na iyon. Pero hindi rin mawala ang kabang nararamdaman niya, na sumabay pa sa kalam ng kanyang sikmura! Hindi tuloy niya malaman kung ang kulo sa sikmura niya ay dahil sa kaba o sa gutom. *Nasaan na sila?*

Ang tunog ng malakas na pagsara ng pinto ang pumutol sa pagmumuni-muni niya.

Kaagad napalingon si Jorge sa direksyon ng pinto. He smiled. There she was, the exact image of his wife... his daughter, looking tired and sleepless. Yasmin was smiling, nevertheless, seemingly glad to see her father again after a long while.

“Hello, Papa,” anito.

## 2

Spiced fried chicken and waffles with maple syrup. A weird combination, pero paborito iyon ni Yasmin kaya iyon ang ipinahanda ni Jorge para sa tanghaliang iyon.

Masayang pinanonood ng don ang anak na nakaupo sa paanan nito at konsentrado sa pagkain ng manok. Masarap pakainin ang dalaga; hindi malulungkot ang sinumang kusinero dahil talagang tinatangkilik niya ang anumang inihahanda. Sa madaling salita, mababaw ang kaligayahan niya sa kabila ng pagkamulat sa masaganang buhay.

“Wala tayong dessert, ah! Ano’ng gusto mo, anak? I can tell Clarisse to call for delivery,” ani Jorge. Napansin nitong hindi na tumaba ang babae gaano man kalakas kumain. She was just too slim. *Hindi kaya nagugutuman ang anak ko?* he wondered in slight alarm.

“Huwag na, Papa. Alam mo ba why I love this dish? It’s because I can have the main course and the dessert at the same time!” she replied cheerfully, her mouth still full of chicken and waffles.



Natawa ang ginoo. He was right. Mababaw nga ang kaligayahan ng anak. Yasmin required only simplicity and practicality in life; things that made her happy; things she truly enjoyed. “Coffee?” alok nito habang patungo sa coffee machine malapit sa mahogany executive desk.

“No, thanks, Papa,” mabilis niyang tugon. “Coffee gives me gas, you know that.”

“Not if you just ate. C’mon. Marami kang kinain. Coffee will help your digestion.”

“Wala naman akong problema sa digestion, eh.”

“Mukha nga...”

Nagkatawanan ang mag-ama, ngunit tumigil siya kaagad at tumingin nang matalim dito. “Papa?”

Alam na ni Jorge ang susunod.

“What’s up?” tanong ng dalaga.

“What do you mean ‘what’s up?’” kunwa’y inosente nitong tanong.

“C’mon, Papa. I’m sure you didn’t send your COO to pick me up para mapagkamalan kong driver, so we could chit-chat about desserts and digestion!”

Napanganga ito sa narinig. “Pinagkamalan mong

driver si Seth?”

“Malay ko ba! Hindi ko siya kilala, eh!” depensa ni Yasmin.

“Oh, God!” Bahagyang sumakit ang ulo nito sa usaping iyon.

“Papa, I don’t want to talk about that overbearing A.H. Ano ba’ng ginagawa ko rito?” his daughter finally demanded.

She knew he was up to something, and he also knew he didn’t need to hold it any longer. *It’s time...* Matapos huminga nang malalim ay nagsalita ito, “I want you here, in this place, working with me—”

“I’ve already got a job,” mabilis na tugon ng dalaga.

Inasahan at napaghandaan na nito iyon. “I don’t think riffing and shredding guitar strings is something I would exactly call a job—”

Lalong tumalim ang tingin ni Yasmin. “You’re making fun of my art, Papa! *Never* make fun of my art! This is something I love doing! It fulfills me! It makes me happy! It’s—”

“And you think I don’t care about your happiness? Listen, Yasmin. For many years hinayaan kitang gawin

anumang gusto mo.” *And I am regretting that now, actually*, tahimik nitong dagdag. “It’s time you did something for me—”

“Bakit, Papa? Sinunod ko naman lahat ng gusto mo, di ba? I did well in school. I finished my MBA,” katuwiran niya.

“That wasn’t for me. It’s all for you. You finished those courses, yes. But you never use them! Honestly, Yasmin, are you happy with that?”

Alam ni Jorge na naipukol na nito ang bato sa dapat niyong tamaan, dahil wala nang nasabi ang anak. Nagpatuloy ito sa mahinahong tinig, “The essence of this business is our family, which means, *you and I*. Magkakanya-kanya pa ba naman tayo? I need you here.”

“Doing what?” Malinaw na ang frustration sa mukha ni Yasmin.

“Well, you can start by learning everything there is to learn. Hindi mahirap iyon para sa iyo. *Brainiac* ka, di ba?” tukso nito.

“I’m gonna ignore that thinly-veiled insult for a moment... Paano naman ang banda ko? Iiwan ko sila nang gan’un na lang?”

Iyon na ang maselang bahagi ng usaping iyon, at inihanda na ni Jorge ang sarili nito. “Listen, sweetheart.” Tumabi ito ng upo kay Yasmin sa carpeted floor ng opisina. “Simula nang nakatapos ka ng pag-aaral, banda na ang inatupag mo. I allowed you, knowing you’d be happy doing that. But I hope you are not thinking about being with them for the rest of your life. You have to realize that I am still here and *Prime Brew* is here, and you are much more a part of me and this company than anyone else in this building. It’s time you involve yourself in this company, and I’m sorry, honey, but I will not have it any other way,” he said with a firm determination. He normally got through Yasmin whenever he did that.

“Ano nga ang gusto mong gawin ko, Papa? I can’t just drop the group and leave. We may not be as popular as the others, but we’re getting there. All we need is a break.”

“That’s exactly what I need you to have. You’re going to have a short break from your band—”

“What!” bulalas ni Yasmin, nanlalaki ang mga mata.

“That means, no gigs, no jams, or whatever you call those things you guys do when you get together. Kailangan mong mapag-aralan ang negosyo. You can’t

afford extra-curricular activities. You can't afford distractions. I want you to focus." Kinuha niya ang kamay ni Yasmin at hinalikan iyon. "I need you here to temporarily take over for me. I'm going to Chicago to attend several conventions and will stay there for six months."

"What? Pero paano ko mapapag-aralan ang pasikot-sikot ng negosyo natin, Papa?"

Hindi na nito kinailangang sagutin ang kanyang tanong. Yasmin had a sharp mind. She was a math freak. At inasahan na rin nito ang ipinakita niyang reaksiyon. "Oh, no! No, no, no! Not him, Papa!"

"Seth is my COO. He's brilliant. He's—"

"I don't care even if he's the mighty *Achilles*, Papa! *I don't like him!*" Sa hitsura niya, malinaw na natatakot siya. Maaaring alam na niya that Seth wasn't a pushover, at hindi basta-basta mabu-bully.

"Seth handles the overall operations, Yasmin. He's the one who can teach you everything you need to learn. Trust me. Mabuti siyang tao."

"Hmph!" Humalukipkip pa siya.

"Six months, hija. Six months is all I ask. Pangako, pag-uusapan natin ang music career mo pagbalik ko.

But I also need you to promise that you'll give your entire attention to *Prime Brew* while I'm away. Can you do that for me?" Inakbayan ni Jorge ang dalaga, na kaagad namang humilig sa dibdib nito.

"Right. I need to talk this out with my friends— Jake, especially."

"Oh, yes. Speaking of Jake, what exactly do you call your relationship with him?" Isa pa iyong maselan na issue kay Yasmin. Hindi talaga matanggap ng matanda na high school pa lamang ang anak ay iisang lalaki lang ang pinagtutuunan ng pansin nito.

"We date," mabilis na tugon niya.

"Date? Anong date? There's no such thing as 'dating'. It's either he's your boyfriend or he's not." Jorge felt he sounded like a nagging old woman when he said that. And he saw that his daughter found it amusing.

"Ano ba'ng gusto mong mangyari sa amin ni Jake?" mapanuksong tanong niya.

"Hindi ko alam." Nagkibit-balikat pa ito.

"So... we date."

"Fine." *Fine*, he grumbled in his mind. *Basta ba hanggang d'un lang!*

“Papa, I think I want that dessert now.” She even licked her fingers, habang tumataas-baba ang kanyang mga kilay.

He smiled, because he knew what it meant: that he’d finally got through his daughter, after years of trying. Now, everything would be up to Seth. “Cheesecake?”

“Cheesecake.”

---

*Buti pa rito maluwag ang kalye*, Seth thought as he parked his car somewhere in front of the Miranda mansion, the *Big House* as it was referred to by the people in *Prime Brew*. Kakatwa mang isipin, pero aminado siya sa sariling may phobia na siya sa makikitid na kalye at driveways.

Isang linggo na ang nakararaan nang paulit-ulit na binaybay niya ang isang napakakitid na kalye sa kabilang dulo ng Metro Manila upang hanapin si Yasmin Miranda. At hanggang sa mga oras na iyon ay hindi pa rin niya malimutan ang panunuyang ginawa ng babaeng iyon sa kanya.

“Seth, okay ka lang?” Naibalik ng tinig na iyon ang diwa ni Seth sa kasalukuyan. Tinig iyon ni Millicent Gomez, ang voluptuous at sophisticated

sales director ng *Prime Brew*, at siya ring ex-girlfriend niya. It had been months since they broke up, but they still dated once in a while. Magkasama silang nagpunta sa *Big House* para sa send-off dinner party for the big boss nang gabing iyon.

“Uh... yeah. Bakit?” tanong niya kasabay ng pagpatay ng makina ng sasakyan.

“You look pensive. May problema ba?”

“Wala. Pagod lang. Halika na.” Niyaya na niya kaagad si Millicent dahil wala siyang intensyong ibahagi rito ang anumang bumabahala sa kanya. Besides, they were almost late for the party.

Nagsimula nang umasim ang kanyang sikmura habang papaakyat sila sa front steps ng malaking bahay na iyon. Naalala na naman niya ang malditang anak ni Jorge.

*That woman! She's going to be my student for the next six months. Ako pa ang napiling magturo sa kanya!*

*But she's going to be your boss, too,* a sly voice inside his head whispered.

*Boss nga, wala namang alam!* sagot niya sa munting boses.



*But she's very smart. She'll learn the trade quickly. Isa pa, maganda pa rin siya ngayon, hindi ba, Seth? bato muli ng nakakalokong boses.*

*Shut up! Pinatahimik na niya ang invisible na kausap. He shuddered slightly at the realization that he was actually talking to a voice he alone could hear. Isang masamang senyales. Hindi kaya nasisiraan na siya ng bait?*

*“Hey, gorgeous!”*

*Isang kakaibang tinig ang muling gumising sa ulirat ni Seth. It sounded familiar, but not quite. It was oddly cheerful and flirtatious. Kakaiba, dahil pulos pangungutya ang natanggap niya nang huli niyang narinig ang tinig na iyon. Lalo siyang nagtaka nang makita ang nagmamay-ari ng tinig: si Yasmin, nakatayo sa pintuan at masayang nakangiti! *Nasisiraan na nga ako ng bait!**

*Napako na ang kanyang mga paa sa kinatatayuan, at ang mga mata niya sa dalaga. Hindi niya malaman kung paano nangyari na itinaas niya ang kanyang kamay para kumaway at ibalik ang ngiti nito. “Hi,” bati niya.*

*Walang anu-ano ay...*

*“Oops! Sorry, pare,” paumanhin ng lalaking*

bumangga sa kanyang balikat, at dali-daling tumungo sa pintuan. Mukha itong goth rock star sa suot na all-black outfit. “Hi, babe,” bati nito kay Yasmin, kasabay ng isang marahang halik sa labi, na matamis na tinanggap ng dalaga.

Hindi namalayan ni Seth na nagsalubong ang kanyang mga kilay sa nasaksihan.

---

Yasmin loves parties, but she definitely wasn't enjoying this one. It was too formal, too serious, too businesslike for her wild taste. At hindi niya kilala ang ang mga taong naroon. Naroon din si Seth. Pero ano nga ba ang pakialam niya sa lalaking iyon? Would he help ease her panic? She didn't think so, as he seemed busy being sweet-sweet with that boobsy woman from the sales department.

*So... Seth likes big boobs, huh?* tahimik niyang obserbasyon mula sa kinauupuan sa kabilang kabisera ng mahabang dinner table. Kaharap niya ang kanyang papa, kaya pinipilit niyang maging prim and proper sa harap ng mga bisita. She'd promised her dad that she would behave herself that night; no hot temper, no tactless dialogues. Siyempre, ayaw rin niyang mapahiya ang ama sa mga tauhan nito. *Tauhan mo na rin sila ngayon*, paalala ng kanyang subconscious,

na sing-sutil niya.

*Yeah, right! Thanks for reminding me!*

“You okay, sweetie?” It was Jake. Hindi namalayan ng dalaga na hawak na nito ang kamay niya. For a moment there, she’d forgotten that he was beside her. Ideya ng papa niya na naroon ito kapag inanunsyo na ang appointment niya bilang CEO/President ng *Prime Brew*, habang nasa ibang bansa ito. Maybe Jorge knew she would need a friendly hand to hold hers during that terrible ordeal.

*Aw! How sensitive! I’m so touched!* “I’m fine,” sagot niya, trying to sound very cool.

Tiningnan niya ang kanyang long-time steady date. Jake looked really handsome in his dark, deep-set eyes. He looked very ‘emo’ and soulful and deep.

“Relax, lady,” he said, using his pet name for her. “Trust me. Everything’s going to be fine.”

“Yeah, thanks.” She smiled, trying very hard to hide the panic she was experiencing.

Isang nakakikilabot na kalansing ng basong tinatapik-tapik ng tinidor ang nagpaigtad kay Yasmin. Nakakatawa. Nakita niyang napatalon din si Seth sa tunog na iyon.

“Ladies and gentlemen, I have an announcement to make...” simula ni Jorge nang tumahimik na ang lahat.

*It's showtime!*

---

Hindi gaya ng inaasahan ni Yasmin, tahimik na tinanggap ng mga tauhan ni Jorge ang ipinahayag nito. Kung sabagay, ano nga ba ang ‘say’ nila sa usaping iyon? Siya ang kaisa-isang anak ng big boss, at nararapat lang na ma-involve na siya sa negosyo ng pamilya.

Sa kabilang banda, hindi nakaligtas sa kanya ang mga patagong ngiwi, ngisi at nagtaasang kilay ng mga taong iyon matapos marinig ang magandang balita.

“Good night, George, Yasmin,” sambit ni Atty. Monching Lustre, and legal counsel at corporate secretary ng *Prime Brew*, habang papalabas ng front door. Natapos na rin sa wakas ang hapunan, at isa-isa nang nagpaalam ang mga bisita. *Salamat naman...*

“Have a safe flight, Boss,” bati ni Miguel, ang finance director, who Yasmin found cute and funny.

“Thanks, Migz,” sagot ng kanyang papa.

Sunod-sunod na rin ang pagpapaalam ng ibang

panauhin. “Bye, Sir. Good night, Miss Yasmin.”

Feeling niya ay malapit nang ma-lock ang panga niya sa pilit na pagngiti sa mga ito buong gabing iyon. *Hmph! Kung hindi ko lang mahal si Papa...* “Ingat kayo,” magalang na sabi niya.

“Jorge...” Booby Woman finally approached, Seth in tow. “I’ll miss you, Boss,” she said in a very sexy, bedroom voice.

Yasmin thought Millie was very pretty, but her age was indeed showing. She even looked older than Seth.

Jorge hugged the woman, and said, “I’ll miss you too, Millie.”

Then Millie surprised her by turning to give her a not-very-sincere beso-beso. “Miss Miranda,” sabi nito.

“Naku, Tita. Please don’t be too formal. ‘Yasmin’ na lang po,” magalang ulit na sagot niya. Of course, she meant that to be a friendly remark, pero sa hitsura ng babae, tila iba ang naging epekto niyon. Nakita rin niya ang tahimik, ngunit pailing-iling na tawa ni Jake na nasa hulihan ng farewell queue. *What?* tanong ng mga mata niya rito.

“I’ll wait in the car,” ang tanging nasabi ni Millie

kay Seth bago padabog na lumabas ng pintuan.

“May nasabi ba akong mali?” lito na tanong niya sa tatlong lalaki sa kanyang paligid.

They were all giving her scolding looks. But Seth’s expression changed into a grin when he answered, “Wala! You were just being yourself.”

It was a grin Yasmin found irritating because it was terribly cute. It showed his dimples. *OMG!* “Puwede ba! Tumahimi—”

“Tito Jorge!” biglang pasok ni Jake. Expect him to effectively stop bickerings around him even before they started. “I’m afraid I need to say good night, as well,” anito kasabay ng pag-overtake kay Seth sa linya upang kamayan ang matanda.

Jorge smiled. “Pasensya ka na, Jake. Kailangan ko na talaga si Yasmin dito.”

“Okay lang, Tito. But I do need your permission to visit her or take her out once in a while.”

“You have my permission. Just no public jams, Jake. I mean it,” seryosong turan nito.

Naintindihan iyon ng lalaki. He bowed and said, “Yes, Tito.” At that, he turned to Yasmin and gave her a quick but sweet kiss. Jorge squirmed. Seth looked

away.

Then Jake faced the COO of *Prime Brew* and they stared at each other for a few moments which made Yasmin very uncomfortable. “Pare...” simula nito kasabay ng pagtapik sa balikat ng isa, “may the force be with you.”

# 3

Hindi pa siya nakakapagtapos ng kolehiyo ay nasa *Prime Brew* na si Seth. He was only in his junior year as an Agricultural Science student at *UP Los Banos* when he did his on-the-job training. Dalawang taon pa lamang ang *Prime Brew* noon, pero dahil malapit ang farm niyon sa bahay nila sa Tagaytay, doon niya pinili na gawin ang kanyang OJT.

It was the summer of 1997. That was when he met Don Jorge Miranda, the man whose personal mantra had always been, ‘till the soil and you will never get hungry.’

He agreed with the man’s principle. Kaya naman hindi niya ipinagdamot ang kaalaman niya sa *Prime Brew*. Nagpakilala siya ng isang makabagong paraan ng pagpapataba ng lupa na makakapagpaganda ng pagtubo ng kape. Noon niya nakuha ang hindi inaasahang atensyon ni Ginoong Miranda.

“Seth!” tawag ni Mang Rene, ang farm manager ng *Prime Brew* nang mga panahong iyon. Naka-break siya sa oras na iyon, sampung minuto lang.

*He was sitting by the creek near the farm, smoking*



*the third of his five-stick limit for the day. Katatapos lang niyang pangunahan ang pagbubusa ng mga bagong pitas na coffee beans mula sa lugar kung saan ginamit ang kanyang eksperimento. Dadalhin ni Rene ang mga binhi sa Small House—ang bahay ng mga Miranda sa loob ng coffee farm.*

*Bigla siyang napatayo sa gulat at naitsa ang sigarilyo na hindi pa nangangalahati. Tsk... sayang, ‘reklamo niya sa isip. “Sir?”*

*“Maglinis ka ng sarili mo. Sumama ka sa ‘kin sa Small House.”*

*Bahagyang lumaki ang kanyang mga mata sa narinig. Bigla siyang kinabahan, iniisip kung ano ang kailangan sa kanya.*

*“Gusto kang makilala ni Boss.” Sinagot ng matanda ang tanong sa isip niya. “Dalian mo. Hihintayin kita sa truck.”*

*Ilang minuto lamang ang nakalipas ay naroon na sila. Lumakas na ang kabog sa dibdib ni Seth nang maiparada ni Mang Rene ang sasakyan sa harapan ng magandang bahay, dahil naroon na’t nakatayo ang big boss, hinihintay sila.*

*“George!” bati ni Rene sa amo, na kumpare rin pala.*

“Pare! How’s your farm?” masaya at very cool na bati ni Jorge. Hindi inakala ng binata na bata pa pala ito.

“Good! Good! Ah, pare, ito si Seth,” pakilala sa kanya ng kasama.

“Seth Apacible po.” He tried to sound confident, maitago man lang ang nerbyos na nararamdaman. Iniabot niya ang kanyang kamay na tinanggap naman ni Jorge. Saglit itong tumitig sa kanya na tila ba isang pintor na naghahandang ipinta siya. Sa kabila ng kabang dinaranas, pinilit niyang ibalik ang tingin.

Dahan-dahang tumango ang kanyang boss at ngumiti. “Dala mo ang mga binhi?” tanong nito.

“Tama na po ba ang isang kilo?” tanong niya bilang tugon.

Natawa ito. “Halika, tingnan natin kung bagay sa cheesecake.”

Kung maganda ang labas ng bahay na iyon ay mas kamangha-mangha ang loob. Maluwang, maliwanag, at masaya ang ambiance. May isang bagay lang na napuna si Seth na tila hindi tumugma sa atmosphere ng bahay—iyon ay ang malakas na bulahaw ng rock music galing sa kung saan.

*“Nandito ang anak mo?” tanong ni Rene.*

*“Obvious ba?” tatawa-tawang sagot ni Jorge. “Malapit na’ng pasukan, eh. Naisip niyang magpahinga muna dito.”*

*Dinala sila ni Jorge sa komedor kung saan nakahanda na ang isang portable coffee grinder, isang coffee plunger, at tatlo coffee mugs. Noon napagtanto ni Seth ang katotohanan... titikman talaga nila ang bagong kape!*

*Si Jorge pa mismo ang naggiling at nagtimpla ng robusta coffee beans na eksperimento ni Seth. Ilang sandali pa’y binalot na ang buong komedor ng samyo ng bagong giling na kape.*

*“Hi, Papa! Hi, Ninong!”*

*Kaagad siyang napukaw sa masayang tinig na iyon na galing sa isang cute na dalagitang nakatayo sa pintuan. Hindi niya namalayan ang pagpasok nito sa komedor. Anak ni Boss? tanong ng kanyang isip.*

*Hindi napigilan ni Seth ang mapatitig sa dalagita nang lumapit at humalik ito sa ama, at nagmano kay Rene. “Hello, Yasmin,” bati ng ninong nito.*

*Yasmin... Hindi na rin napigilan ni Seth ang mapangiti nang marinig ang pangalan nito. He thought*

*it fit her... Ilang taon na kaya siya?*

*“Ano ‘yan? Taste test?”*

*Natigil muli ng tinig ni Yasmin ang pagtatanong sa isip niya. The girl did seem to have a knack for breaking concentration.*

*“Nag-experiment si Seth sa lupa natin, eh, to see if we could grow better robustas,” sagot ni Jorge sa anak.*

*“Oh! Who’s Seth? And what’s a robusta?”*

*“I’m Seth.” Nagulat siya sa ginawa niyang pagsabat sa usapan. Nakita niyang nagulat din si Yasmin at biglang tumingin sa kanya. He didn’t know what had gotten into him, that he continued answering the girl’s questions. “And... uhm... a robusta is a kind of coffee which has a rich and full-bodied flavor.”*

*Bahagya siyang namula nang mapansin ang unti-unting pagtalim ng tingin sa mga mata nito.*

*“Ah,” sagot nito, nakataas ang isang kilay, bago tumalikod at lumabas ng komedor.*

*Lesson learned? Huwag sumabat sa usapan ng may usapan, at alalahaning nasa harapan mo ang ama ng babaeng pinasikatan mo!*

*Naghari ang nakabibinging katahimikan*

*pagkatapos ng pag-alis ni Yasmin. Nakakahiya ang ginawa niya, pero wala siyang ginawa kundi ang manatiling nakaupo.*

*“Seth,” It was Jorge who broke the silence. “Kailan ka babalik sa Los Baños?” tanong nito na tila walang nangyari kanina lang.*

*“Sa Linggo na po,” magalang niyang sagot.*

*“Ilang taon pa?”*

*“Isa na lang po.”*

*Tumango ito. “Good. See me after you graduate.”*

Well, the rest was history. At hindi niya lubos-maisip na tatagal siya ng labindalawang taon sa *Prime Brew*, hanggang sa maabot ang posisyong pinanghahawakan sa kasalukuyan. Seth acknowledged his achievements more as a blessing rather than due to his skills. And he knew how to count and treasure his blessings.

On the other hand, he also knew how to handle his trials. Noon niya naalalang sa anumang oras ay darating na ang pinakamabigat niyang pagsubok sa buhay: ang bago niyang boss, si Yasmin.

He was smoking his fifth of his five-stick limit for the day, and it wasn't even yet nine o'clock in the

morning

“Seth!”

Bigla niyang naitsa ang sigarilyo sa labas ng bintana dahil sa gulat nang marinig niya ang boses ni Clarisse. Sinundan siya nito sa men’s room kung saan siya naninigarilyo.

“Yes?” tanong niya paglabas.

“Paakyat na si Yasmin.”

Napabuntong-hininga siya. *Brace yourself, Seth!*

---

“Ano ang mga ‘yan?’ bulalas ni Seth nang makita si Tino na mukhang pahinante sa dami ng dalahin: gitara sa kanang balikat, laptop sa kaliwa, bag sa isang kamay, at isa pang bag sa kabila.

“Gamit ni Ma’am,” hingal na sagot ng kaawa-awang driver, matapos mailapag ang mga bitbitin. “Pinauna na lang ako,” dagdag pa nitong pawisan na.

Nais niyang matawa sa hitsura nito na pinilit buhatin ang mga gamit ni Yasmin. Ngunit iba ang lumabas sa kanyang mga labi. “Pambihira! Alas nueve na! She should be here by now! First day at work and she’s late!”

“I’m not late. It’s only eight fifty-seven.”

Parang kinuryenteng napaigtad ang binata sa tinig na iyon. Inantabayanan niya ang pagdating ni Yasmin. Pinaghandaan. Sinigurong kalmado siya sa muli nilang pagkikita. Absolutely, he hadn’t planned that she would catch him in the act of bashing her.

Lalong uminit ang mukha niya nang makalingon ay naroon nga ang dalaga, in her usual rock star, all-black, all-leather outfit, bitbit ang motorcycle helmet, at suot ang isang nakakalokong ngisi.

*Sige nga, Seth. Lusutan mo nga iyan,* tukso ng kanyang makulit na subconscious.

“Good morning, Boss,” aniya sa wakas. “How was your ride?”

“Exhilarating,” sagot nito, ginaya ang sing-song niyang tono. “Hi, Tita Clarisse,” bati nito sa sekretarya habang patungo sa opisina nito. “So, what’s my day like?” tanong ng bagong presidente ng *Prime Brew*.

“Busy,” umpisa ni Seth, hawak ang kopya ng inihandang schedule.

“Oh! I want my first hour with Tita Clarisse.”

“Uh... no. Your first and last hours will be with me,” sagot niya.

“Kailangan bang ganoon tayo kadalas magkita?” reklamo nito.

*Nagsisimula ka na naman.* “Oo.”

“But I want my first hour with Tita Clarisse!” pilit ng makulit na dalaga.

“Yasmin, you can’t just change things around here. Ayos na’ng appointments mo—”

“I’m not trying to change anything, Seth. All I want is a little adjustment—”

“But—”

“All right, kids! Stop it! Sit down, Seth!” Tinigil na ni Clarisse ang diskusyong nagaganap. Wala na ring nagawa ang lalaki kundi sundin ang utos ng pinaka-senior sa lahat ng empleyado ng *Prime Brew*, at padabog na naupo sa couch. He pressed his temples to stop the onset of a terrible headache, and started wishing for a cigarette. Yeah. It could be a good idea to let Clarisse take over.

“I’ll make some adjustments. Seth, I agree that I should have her first hour. Sa iyo na ang last—to go over what she did during the day. Ako na’ng bahala sa iba. Settled?” Clarisse asked them both.

“Fine,” Yasmin replied, delighted for getting what



she wanted.

“Fine,” gigil namang sagot ni Seth, obviously upset for not getting what he wanted.

Yasmin was acting like a petulant child. It was irritating him for the reason which he alone knew—that he found her adorable. Annoying, yes. But awfully adorable.

Hindi na niya alam gaano pa katagal niya maitatago ang nararamdamang iyon. Ang paghangang sumibol labindalawang taon na ang nakararaan, na naudlot ng pagkawalay sa babaeng iyon ng mahabang panahon. All along, Seth had thought it was gone. But seeing her again—in such proximity—all grown up and beautiful, made him realize how attracted he still was to her. And that realization had just made his job even more complicated.

# 4

Tsismis. Iyon ang dahilan kung bakit nagpilit si Yasmin na gugulin kasama si Clarisse ang unang oras ng unang araw niya sa trabaho. She was going to be briefed by each department head of the company. Naisip niyang may matutunan tungkol sa pagkatao ng bawat isa bago niya makaharap ang mga iyon.

She would've asked for another hour, kung hindi nga lang alam niyang magsusungit na naman si Seth.

*Hmph! Parang matandang dalagang nagmenopause!* Bakit ba naman kasi ang sungit-sungit nito sa kanya? *Hindi naman siya ganyan dati ...* her mind whispered as it travelled back in time, twelve years ago...

*Bagot na bagot na siya sa loob ng bahay. Una ay wala siyang kaibigan sa lugar na iyon. Ang tanging mga nakakasalamuha niya ay mga kasambahay, driver, at mga farmhands na pumupunta roon paminsan-minsan.*

Hay, Mama... *She missed her mother terribly. Ysabel had always been Yasmin's best friend. But her mom had to go.*

*Huminga siya nang malalim upang lumuwag kahit papaano ang pagsikip ng dibdib sa alaala ng kanyang yumaong ina. Kailangan niya ng hangin kaya napagpasyahan niyang lumabas ng bahay at mamasyal sa paligid.*

*“Mang Tino, nasaan po si Papa?” tanong niya sa driver na naglilinis ng kotse sa driveway.*

*“Nasa farm. Nagha-harvest sila ng mga bagong robusta, eh,” sagot nito.*

*Ganoon ang kanyang ama tuwing pumupunta sila sa Tagaytay. Naglalagi ito nang mas madalas sa taniman at personal na pinangangasiwaan ang mga gawain doon. But it had been Yasmin’s idea to spend the last week of her summer vacation in Tagaytay. She wanted to spend it with her dad. At ikinaiinis niya na mas pinili pa nitong gugulin ang panahon sa bukid imbis na makasama siya. Hmph! Kakausapin ko si Papa! He has to know what he’s doing is wrong and I don’t like it! pasya niya.*

*Habang hindi nakatingin si Tino, dahan-dahan siyang tumungo sa garahe at kinuha ang isang motorbike na nakaparada. Sandali siyang pumikit at bumulong, “Sorry po, Mang Tino . . .” kasabay ang isang makapangyarihang padyak sa pedal ng bike.*

*”Yasmin! Hoy! S’an ka pupunta? Bumalik ka rito, parang awa mo na!”*

*Hindi na niya nagawang pansinin pa ang pagsusumamo ng driver. Nakatuon na ang atensyon niya sa paghahanap sa kanyang papa upang magbuhos ng sama ng loob dito.*

*Iniwasan niyang dumaan sa mga lugar na may makakakita sa kanya. Subalit halos sampung minuto na siyang nagpapaikot-ikot ay hindi pa rin niya matanawan ang farm. “Yikes! Nawala na yata ako!” Inihimpil ni Yasmin ang motorbike sa isang malilim na lugar at naisip na lakarin ang natagpuang landas. Huminto siya sa paglalakad nang makarinig siya ng marahang agos ng tubig. May creek pala dito... naisip niya.*

*“Yasmin...”*

*Bahagya siyang napatalon nang marinig ang pangalan. Sino ‘yun? bulong niya. Hindi nga kaya may nakakita sa kanya?*

*“Yasmin...”*

*Unti-unti nang lumalakas ang kabog sa kanyang dibdib. Papa... mahinang tawag niya. Dahan-dahan siyang lumakad patungo sa sapa. Mukhang doon nga galing ang tinig. Kaagad siyang nagkubli sa isang puno*

nang makalapit sa sapa at nakita ang isang lalaking nakaupo. Nakatalikod ito sa kanya at nakatanaw sa malayo.

“Yasmin,” muli ay simula nito. “Uh... bago ka man lang bumalik ng Maynila... uh... nais kong malaman mo—” Umiling ito at nagkamot ng ulo. “Ang bakya mo, ‘tol! Nakakahiya ka!” anito sa sarili. Mukhang napagod ito sa hirap ng ginagawa, kaya nagsindi ng sigarilyo at sumandal sa katabing puno ng santol.

“Seth?” mahinang bulong niya. Nagulat siya. Dahil isang beses pa lamang niyang nakakasalamuha ang lalaking iyon. Tanging pangalan lamang nito ang alam niya. *And she did not expect this!* Ang bilis mo naman!

Narinig niyang tumikhim ito. “Yasmin, *this would seem... fast,*” practice muli ni Seth, maingat na pinipili ang mga salita, “...but I’m in love with you. I know you’re still very young, but please believe that I’m willing to... wait until you’re...”

Hindi na niya natagalan ang mga salitang naririnig. Kaya bago pa man siya mapabulahaw ng tawa ay minabuti niyang umalis. Dahan-dahan upang hindi siya mamalayan ni Seth.

Bahagyang napangiti si Yasmin sa alaalang iyon.

Seth was once attracted to her at may balak pang ligawan siya. Dahil naglalakbay ang kanyang diwa, hindi niya tuloy namalayan na napatanga ang kausap niyang babae.

“Yasmin?”

“Huh?” Natauhan siya nang marinig ang tinig ni Clarisse.

“Nakikinig ka ba?”

“Uh... opo. Eh, Tita, is Seth married?” Very casually, she asked that question, although she already knew the answer to that. Wala siyang nakitang wedding ring na suot ng binata.

Natawa ang sekretarya, as if Yasmin had just told the most hilarious joke in the universe. “Seth? Married? Look at the guy! I don’t think marriage is in his agenda.” Medyo bumaba ang boses nito. “Well, he did have a thing with Millie before.”

“Oh?” She blinked at that new information. She did notice them sweet-sweet during the farewell dinner for her dad. Mayroon pala talagang namamagitan sa dalawa.

“Yup. They were steady for almost a year then they broke up. No warning whatsoever. Nalaman na

lang namin isang araw na wala na sila. Not a word was said about it ever since. And no one ever dared to ask.”

So, it was a question only Seth could answer—and would answer if he wanted to. *That’s very encouraging.*

“Well, you can ask him. Malay mo,” dugtong pa ni Clarisse.

*Geez! Asa ka pa!* she thought sadly. With the guy’s *friendly* nature toward her? She didn’t think she would ever get an answer to that question. And she wasn’t even referring to the question why Seth and Millie broke up. *Ano’ng pakialam ko roon?*

She had her own question she’d wanted for the man to answer. It had been twelve years. When she left the farm that summer, she thought it would no longer matter. But who would’ve thought she would see him again? Now, she realized it did matter. Only, she knew it would be a long shot. *He hates me!*

“Yasmin, hija...” Clarisse interrupted her thoughts, speaking like the wise woman she really was. “Seth is a good man. He’s the only one who can really guide you in this business. Your dad trusts him.”

She smiled at that motherly advice. Ano nga

naman ang mawawala kung magiging mabuting estudyante siya kay Seth? Matutuwa ang kanyang papa, dahil madali niyang matututunan ang negosyo. It could break the wall between her and Seth.

*Who knows!* It could even make him like her again.

---

“Kamusta ang mga briefings mo?” tanong ni Seth. Alas cuatro na ng hapon, at gaya ng napagkasunduan, sa kanya ang last hour ni Yasmin sa araw na iyon. Actually, he would have her last hour everyday from then on. At dahil madalas silang magkikita, napagpasyahan niyang subukang maging mahinahon sa pakikipagsalamuha niya sa dalaga.

“Terrific!” sagot ng bagong CEO, mukhang excited. She was holding her guitar and softly strumming the strings. “Marami akong natutunan. It felt good, Seth. What I learned in MBA school, they’re all coming back. I know this stuff!” She was blushing with excitement as she recounted her first working day.

That vision was so breathtaking that he started to get distracted again. He had to say something. “Confident kami ng papa mo tungkol diyan.”



Mataas ang scholastic achievements ni Yasmin. Iyon ang makakapagpatunay na kakayanin nito ang trabaho. Pero sa kabila niyon, nagawa pa rin nitong kilalanin at matuto sa kakayahan ng iba. “So... ano’ng grade ko today, professor?” tanong nito.

Seth smiled. He thought it was a cute question. “For today, it’s a B+”

Her face showed she didn’t like what he said. “Akala ko ba good ako?” reklamo nito.

“Well, you need to work harder from now on if you want a higher grade. Starting with some issues. Number 1, we do have a dress code here—”

“Aw, c’mon, Seth! If you think I’d allow myself to look boring and generic in those corporate boardroom power suits, nagkakamali ka!”

“Hindi ko sinabing magmukha kang boring,” he countered right away. “I just mean you have to look appropriate. You’re the president of this company, at hindi naman bagay na pumasok ka sa trabahong mukhang emo-goth rocker.

“I *am* an emo-goth rocker!”

“Here, you’re not,” aniya na umiling-iling pa. “Just tone down on the black a little. Do away with

the black nail polish and the leather things. C'mon, you know what I'm saying." Hindi na niya alam paano ipagpapatuloy ang usaping iyon. Hindi niya inakalang kasama pa sa assignment niya ang maging fashionista. Napansin na rin niyang nakasimangot na ang babae, at wala siyang balak na muli silang magkairingan dahil lamang isa napakaliit na bagay. "Just try, okay?" pakiusap ni Seth.

"First, I can't play my music. Second, I can't wear my clothes. What's next, Seth? Weekends in the farm?"

*Man! She's sharp!* Yup. Sharp nga si Yasmin. Isang tingin pa lang nito kay Seth ay alam na ang sagot sa itinanong.

"Damn it! Are you kidding me?" Simula na naman ang panic attack nito.

Handa naman siya roon. "Yasmin, when your dad said you need to learn the business, he meant *everything*, which includes how we grow, harvest, process and package our coffee—" Natigilan siya nang mapansing wala na ang kausap niya. Mabilis itong nakasilong sa ilalim ng lamesa. "Lumabas ka nga diyan."

"Ayaw!"

“Lumabas ka d’yan!”

Sumunod naman ang dalagang nagmamaktol, bagaman ulo lamang ang inilitaw. “Are you ordering me around?” she asked glaring at him with her dark eyes.

He glared back. “Yes, I am ordering you around. At sinasabi ko, lumabas ka diyan at maupo ka sa silya. Mahirap bang sundin iyon?”

“Bakit ako susunod sa iyo? *I’m* the boss. *I’m* the one who’s supposed to be giving orders around here, and you! *You* follow!

Tumaas ang kilay ni Seth sa tuluyan nang paglabas ng pagiging spoiled brat ni Yasmin. “Ah, gan’on? Sige. Kaya mo na? Give me an order, Miss President.” Very coolly, he took his usual seat on the couch.

It was a competition of who could scowl longer, the boss or the trainor. Apparently, the trainor, albeit the subordinate, won. Slowly, Yasmin got up and sat on her swivel chair.

*Good girl.* “Tell me, Yasmin,” simulang muli ng binata, “when was the last time you visited the farm?”

“Twelve years ago,” she replied, her eyes

challenging.

*You clever li'l bitch.* But Seth was also sharp enough not to give in to the challenge. Instead, “Then you need to go back and see the changes around there. Learn to love the things your dad loves—*iyon ang gusto niyang matutunan mo.*” Umaasa siyang tumama ang batong iyon sa dapat patamaan, at nakita niyang naganap iyon nang sa wakas ay ibinaba na ni Yasmin ang tingin.

“Fine,” anito, matapos huminga nang malalim.

Mapapangiti na sana ang binata, ngunit hindi pa pala ito tapos.

“But not this weekend.”

“Ano? Bakit?”

Muli itong humarap sa kanya. “May lakad kami ni Jake.”